

SEMANTIC MAP: ISANG TULONG SA PAGPAPALAWAK NG BOKABULARYO SA FILIPINO NG MGA MAG-AARAL SA IKA-PITONG BAITANG

¹Mariette A. Hoyohoy, ²Al Therenz Anlou P. Dela Cruz, ³Marinilla R. Lausa, ⁴Lourdes V. Ocampos

ABSTRACT

Sa isang pampublikong paaralan, partikular na sa ika-pitong baitang, ang isyu ng limitadong bokabularyo sa Filipino ang pangunahing problema na nangangailangan ng pansin. Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy ang epektibong paggamit ng Semantic Map sa pagpapahusay ng bokabularyo ng mga mag-aaral sa Filipino sa taong panuruan 2023-2024. Ito ay isinagawa sa isang paaralan sa Sekundaryang Pampubliko na bahagi ng Department of Education (DepEd). Ang mga respondante sa pag-aaral na ito ay mga mag-aaral na nasa ika-7 na baitang at gumamit ng purposive sampling gamit ang gabay na katanungan sa sariling gawa ng mga mananaliksik. Ang pag-aaral na ito ay gumagamit ng MiniTab Statistical Software na ginagamitan ng mga kasangkapan na mean, standard deviation at t-test. Ang mga natuklasan ay nagpapakita na ang Semantic Map ay epektibong interbensyon na napapalawak ang bokabularyo ng mga mag-aara pagdating sa Filipino. Inirerekomenda ang mga guro na maglaan ng mga karagdagang aktibidad na may kaugnayan sa Semantic Map na nagtataguyod ng pakikilahok at kumpiyansa ng mga mag-aaral.

KEYWORDS: Filipino, kasanayan sa wika, limitadong bokabularyo, semantic map, visual na pag-uugnay

I. CONTEXT AND RATIONALE

Sa isang pampublikong paaralan, partikular na sa ika-pitong baitang, ang isyu ng limitadong bokabularyo sa Filipino ang pangunahing problema na nangangailangan ng pansin. Ang mga obserbasyon ay nagpapakita na maraming mga mag-aaral ang nahihirapang magpahayag ng kanilang sariling saloobin at opinyon sa mga bagay-bagay, pasalita man ito o pasulat (Akyol, 2019). Ang ilang mga dahilan sa likod ng limitadong bokabularyo ay kinabibilangan ng kahirapan at kawalan ng karanasan sa makabuluhang pag-uusap, pagtuturo ng bokabularyo, at mahinang pagbabasa. Bilang resulta ng limitadong bokabularyo, nahihirapan ang mga mag-aaral sa pagiging matatas sa pagsasalita sa wika, sa mga pamantayang pagsusulit, at sa pagbabasa sa pangkalahatan (Sangia, 2022).

Ang pag-usbong ng makabagong teknolohiya ay nagbunga din ng paglitaw ng mga makabagong salita na nagkaroon ng malaking epekto sa mahigit 100 wika sa Pilipinas. Ayon sa Komisyon sa Wikang Filipino, mayroong 130 na katutubong wika sa Pilipinas at ang ilan dito ay namamatay na. Opisyal nila itong ipinahayag noong ika-29 ng Hulyo 2022 sa *Philippine Information Agency Auditorium*, Diliman, Lungsod Quezon. Ang modernisasyon ay isang dahilan kung bakit maraming Pilipino ang nakakaligtaang gamitin ang wikang Filipino maging ang mga katutubong wika. Dulot nito, karamihan sa mga Pilipinong mag-aaral ay walang sapat na kaalaman sa bokabularyong Filipino.

Ang bokabularyo ay pinakamahalaga sa lengguwahe at may kritikal na kahalagahan sa karaniwang mag-aaral ng wika (Tizon, 2009). Ang *National Reading Panel of the National Institution of Child and Human Development* ay natukoy na ang instraksyong bokabularyo ay mahalaga para sa pangangailangan ng mga mag-aaral upang mapaunlad ang abilidad sa pagbasa (Baumann, 2012). Ang pagkukulang sa kakayahan sa bokabularyo ay maaring magdulot ng paghihirap ng mag-aaral sa pagtanggap at pagbuo ng wika kahit gaano pa man kagaling ang mag-aaral sa pagbuo ng balarila, pagkaayos ng pangungusap, at pagbigkas nito. Kung walang tamang salitang maaring gamitin upang maipahayag ang mensahe, walang mangyayari na maayos na komunikasyon (Ming Wei, 2009).

Ang Semantic Map ay isang makabagong estratehiya sa pagtuturo na nagpapadali ng pag-unawa at pagpapalawak ng bokabularyo sa pamamagitan ng visual na pag-uugnay ng mga salita at konsepto. Ang ganitong pamamaraan ay nag-uudyok sa mga mag-aaral na mas aktibong matuto at magamit ang kanilang natutunan sa iba't ibang

konteksto, na nagreresulta sa mas matatag at organisadong sistema ng kaalaman (*TPLS Academy Publication*). Ipinakita rin sa mga pag-aaral na ito na ang paggamit ng Semantic Maps ay hindi lamang nagpapabuti sa bokabularyo kundi pati na rin sa kabuuang kasanayan sa wika ng mga mag-aaral (*TPLS Academy Publication*).

Bagama't maraming pag-aaral sa bokabularyo ng mga mag-aaral, karamihan sa mga ito ay may kaugnayan sa Ingles at kakaunti ang may kaugnayan sa Filipino. Dahil dito, at sa mga nakitang problema, naisipan ng mga mananaliksik na magsagawa ng pag-aaral sa bokabularyo ng Filipino sa mga mag-aaral. Ang kasalukuyang pag-aaral ay naglalayon na bumuo at palawakin ang bokabularyo ng mga mag-aaral at matukoy kung ang paggamit ng "*semantic map*" bilang isang interbensyon ay may malaking tulong sa pagpapalawak at nagpapabuti ng bokabularyo sa Filipino sa mga mag-aaral. Ang mga resulta sa pag-aaral na ito ay makatutulong sa mga mag-aaral sa Junior High School na mapalawak ang kanilang bokabularyo, mga kakayahan sa pag-aaral, at makakatulong sa mga guro na mapabuti ang kanilang mga kakayahan sa pagtuturo.

II. INTERBENSYON

Gagamitin ng mga mananaliksik ang *semantic map* upang mapalawak ang bokabularyo sa Filipino ng mga mag-aaral. Isa sa mga paraan ay ang paggamit ng *semantic map* sa pagtuturo ng bokabularyo. Ang paraang ito ay may ilang mga benepisyo sa pagtuturo dahil nakakatulong ito sa mga mag-aaral na magkaroon ng kategorya sa mga salita, sa teksto, sa pagbabasa, o sa pamamagitan ng biswalisasyon (Duffy, 2009). Ang kahalagahan ng estratehiya ay nagpapakilos sa mga mag-aaral na buhayin ang kanilang mga pang-unawa upang matutunan ang lubos na espesyalisadong bokabularyo sa iba't ibang larangan (Bear, 2011).

Ang *semantic mapping* ay isa sa pinakamakapangyarihang paraan ng pagtuturo ng bokabularyo dahil ito ay nakakapagtawag-pansin ng mga mag-aaral sa pag-iisip tungkol sa mga relasyon ng mga salita. (Graves, 2008). Ang *semantic mapping* ay ang nagpapalalim ng pagsusuri sa isang bagay hinggil sa kahulugan nito (Barcroft, 2004). Ang *semantic mapping* ay maaaring gamitin bilang isang kasangkapan para sa pagtuklas ng konseptuwal na ugnayan sa pagitan ng mga aytem sa bokabularyo.

Hakbang sa Paggamit ng Semantic Map

Unang hakbang- Pumili ng Paksa

Pumili ng isang paksa na nais bigyang-diin o pag-aralan. Maaaring ito ay isang konsepto, ideya, proyekto, o anumang bagay na nais mong pagtuunan ng pansin.

Ikalawang hakbang- Itala ang Pangunahing Konsepto

Isulat ang pangunahing konsepto o ideya sa gitna ng papel. Ito ang sentro ng iyong semantic map at naglalarawan ng pangunahing paksa.

Ikatlong hakbang- Magdagdag ng Subkonsepto

Isulat ang mga subkonsepto o mga ideya na nauugnay sa pangunahing konsepto. Ito ay maaaring mga detalye, aspeto, o mga kaugnay na konsepto na nagpapalawak at naglililaw sa pangunahing paksa.

Ikaapat na hakbang- Gumawa ng Koneksyon

Gumuhit ng mga linya o sirkulo na nag-uugnay sa pangunahing konsepto sa bawat subkonsepto. Ito ay nagpapakita ng mga relasyon at koneksyon sa pagitan ng mga ideya.

Ikalimang hakbang- Rebyuhin at I-revise

Tingnan ang iyong semantic map at suriin kung ito ay nagpapakita ng maayos na pagkakasunud-sunod ng mga ideya at kung may mga detalye na maaaring idagdag o i-adjust.

Layunin ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy ang epektibong paggamit ng Semantic Map sa pagpapahusay ng bokabularyo ng mga mag-aaral sa Filipino.

Sinasagot nito ang partikular na tiyak na layunin:

1. Natutukoy akademikong pagganap ng mga mag-aaral bago gamitin ang semantic map.
2. Natutukoy ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral pagkatapos gamitin ang semantic map.
3. Nasusuri ang makabuluhang pagkakaiba sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamitin ang semantic map.
4. Natutukoy ang iba pang kasanayan na napahusay o napaunlad pagkatapos maisagawa ang interbensiyon na semantic map.

III. MGA TANONG SA PANANALIKSIK

Sa pag-aaral na ito, ang mga mananaliksik ay gumamit ng *Semantic Map* bilang interbensiyon sa pagpapalawak ng bokabularyo sa Filipino ng mga mag-aaral sa ika-pitong baitang sa akademikong taon ng 2023-2024.

Partikular na ang pag-aaral na ito ay naglalayong sagutin ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 7 sa Filipino bago ang paggamit ng *semantic map*?
2. Ano ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 7 sa Filipino pagkatapos gamitin ang *semantic map*?
3. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamitin ang *semantic map*?
4. Ano ang iba pang kasanayan sa pagkatuto ang napahusay o napaunlad pagkatapos maisagawa ang interbensiyon na *semantic map*?

IV. PAMAMARAAN SA PANANALIKSIK

Disenyo ng Pananaliksik. Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng *Classroom-based Action Research design*. Ang *Classroom-based Action Research* ay isang paraan ng inilapat na pananaliksik na ginagamit ng mga guro sa loob ng silid-aralan. Ito ay napatunayang mahalaga para sa pagtugon sa mga hamon na nakatagpo sa panahon ng proseso ng pagtuturo at pagkatuto (Pasaribu et al., 2021). Ang *action research* ay nakatuon sa isang praktikal na diskarte sa paglutas ng problema sa isang agarang pag-aalala, gamit ang isang *reflective cyclic* na proseso (Brown & Opie, 2019).

Lugar ng Pag-aaral. Ang pag-aaral na ito ay isasagawa sa isang Paaralan sa Sekundaryang Pampubliko na Bahagi ng DepED (Department of Education), na matatagpuan sa bahagi ng kalungsod sa Ozamis City, Misamis Occidental. Ang paaralan ay sumusunod sa mga alituntunin at pamantayan na itinakda ng Kagawaran ng Edukasyon, na nagtatangi ng isang mataas na kalidad na edukasyon para sa mga mag-aaral nito. Sumusunod ang institusyon sa K-12 Kurikulum, na itinataguyod sa lahat ng paaralan sa Pilipinas, na sumasaklaw mula sa kindergarten hanggang ika-12 baitang.

Bukod dito, iniaalok din nila ang isang espesyalisadong programa ng edukasyon, gaya ng inilalarawan sa DepEd Memorandum No. 149, s. 2011. Ang programang ito ay binuo upang mapalakas ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagtulong sa kanila na maunawaan ang kanilang mga lakas, sundan ang kanilang mga interes, at palaguin ang kanilang iba't ibang katalinuhan. Sa pamamagitan ng pag-aalok ng espesyalisadong edukasyon, layunin ng paaralan na sagutin ang iba't ibang pangangailangan at talento ng kanilang mga mag-aaral, na nagbibigay daan sa isang malawak at buong-pananaw na karanasan sa pag-aaral.

Mga Kalahok. Ang mga kalahok sa pananaliksik na ito ay ang mga mag-aaral sa asignaturang Filipino mula sa Grade 7 na naka-enrol sa Pasukan ng Taong-Akademiko: 2023-2024. Ang gagamitin na pamamaraan sa pagpili ng mga kalahok ay ang purposive sampling technique.

Mga Kagamitang Pananaliksik

A. Pen and Paper Test. Ito ay isang uri ng *written examination* na gagamitin ng pagsusulit o tanong na isinulat sa papel. Ang mga mag-aaral ay may sasagutan na katanungan na naglalayong suriin ang kasanayan nila sa Filipino, lalo na sa aspeto ng kanilang bokabularyo. Ang resulta ng pagsusulit ay binigyan ng interpretasyon sa pamamagitan ng eskala na makikita sa ibaba:

Continuum Interpretasyon

28-30 *Outstanding (O)*

24-27 *Very Satisfactory (VS)*

20-23 *Satisfactory (S)*

16-19 *Fairly Satisfactory (FS)*

-15 *Did not Meet Expectations (DNME)*

B. Banghay- Aralin. Ang mga mananaliksik ay bumuo ng isang banghay-aralin na tumalakay sa mga pangyayari sa Ibong Adarna. Bago ang pagpapatupad, ang banghay-aralin ay sumailalim sa masusing pagsusuri ng katuwang na guro na sinundan ng rebisyon ng mga mananaliksik. Isinagawa ito sa Ozamiz City National High School, partikular na sa Grade 7- Mt. Canlaon.

C. Semantic Map na Interbensiyon. Ang interbensiyon na ito ay gagamitin ng mananaliksik upang matulungan sa pagpapalawak ng bokabularyo ang mga mag-aaral sa Filipino sa baitang 7.

D. Pakikipanayam sa mga Mag-aaral. Nang maisagawa ng mga mananaliksik ang interbensyon na semantic map, sinunod ang pakikipanayam ng mga mananaliksik sa mga saloobin at pananaw ng mga mag-aaral sa paggamit semantic map. Isinagawa ang pakikipanayam sa pamamagitan ng harap-harapang interaksyon sa mga mag-aaral.

Pagkolekta ng Datos

A. Pre-Implementation Phase

Ang mga mananaliksik ay humingi ng pahintulot sa punong-guro ng Ozamiz City National High School na magsagawa ng pag-aaral. Sinimulan ng mga mananaliksik ang aktwal na pangongolekta ng datos pagkatapos lamang makuha ang mga kinakailangang permiso. Upang masuri ang bokabularyo ng mga mag-aaral sa Filipino, isang *pretest* ang isinagawa. Ang mga pagtatasa at aktibidad ay inihanda rin sa bahaging ito batay sa mga ginawang kagamitang panturo, banghay-aralin, at *PowerPoint presentation* ng mga guro.

B. Implementation Phase

Ginamit ng mga mananaliksik ang *semantic map* bilang motibasyon sa pagtatalakay ng mga kuwento sa aralin sa klase. Upang mahikayat ang interes ng mga mag-aaral na makisali sa aralin sa klase, ang mananaliksik ay gumamit ng *semantic map* upang mapalawak ng mga mag-aaral ang kanilang bokabularyo. Ang mga detalyadong panuto ay ibinigay rin sa mga mag-aaral tungkol sa paggamit o pagpunan ng *semantic map* para sa mga gawain at pagtatasa.

C. Post-Implementation Phase

Pagkatapos ng isang buwan ng pagpapatupad ng interbensiyon, isang *posttest* ang ibinigay upang malaman kung gaano kalaki ang napagbuti ng mga mag-aaral sa kanilang mga kasanayan sa bokabularyo sa Filipino.

Etikal na Konsiderasyon

Upang mapanindigan ang etikal na aspeto ng pag-aaral na ito, hiniling ng mananaliksik ang boluntaryong pakikilahok ng mga respondente. Ipinaalam sa mga respondente ang layunin ng pag-aaral at tiniyak sa kanila na ang kanilang pakikilahok ay hindi makakasama sa kanila sa anumang paraan. Inuna ng mga mananaliksik ang paggalang sa dignidad ng mga respondente. Tiniyak din ang proteksyon ng *privacy* ng mga respondente, kompidensiyalidad ng datos ng pananaliksik, at hindi ipinakilala ang mga mag-aaral. Higit pa rito, iniwasan ng mga mananaliksik ang panlilinlang at pagmamalabis tungkol sa mga layunin ng pananaliksik; at dineklarang walang mga kaakibat, pinagmumulan ng pagpopondo, at mga potensyal na salungat ng interes. Ang anumang komunikasyon tungkol sa pananaliksik ay ginawa nang may *transparency* at iniwasan ang anumang mapanlinlang na impormasyon at maling interpretasyon ng mga pangunahing matutuklasan sa datos. Sa wakas, hiniling ng mananaliksik sa mga respondente na lumagda sa *informed consent* bilang patunay ng kanilang pagpayag na lumahok.

Pagsusuri ng Datos. Ang mananaliksik ay magbibilang ng deskriptibong estadistika upang malaman ang *mean*, *standard deviation* at *t-test* ng antas ng pagganap bago at pagkatapos ng pagpapatupad ng *semantic map*. Para sa pagsusuri at interpretasyon ng datos, gagamitin ang *Minitab software*. Ang *Minitab* ay isang estadistikang software na nag-aalok ng kumpletong set ng mga tool para sa pagsusuri ng datos at estadistikang visualisasyon, na nagbibigay daan sa matibay na mga pananaw at may-kaalaman na paggawa ng desisyon sa pananaliksik at iba't ibang larangan. Bukod dito, gagamitin ng mga mananaliksik ang isang Kwantitatibong pamamaraan sa pagkuha ng datos sa pamamagitan ng *pre-test* at *post-test* na mga pagsusuri, na may kasamang iba pang suplemento.

V. RESULTA AT DISKUSYON

Sa paggamit ng *Semantic Map* na interbensiyon sa pagpapalawak ng bokabularyo ng mga mag-aaral. Ang mga mag-aaral sa Baitang 7 ay napabuti ang kanilang pagganap sa silid-aralan. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga resulta ng *pre-test* at *post-test* ng mga mag-aaral sa ika-7 na baitang, ang makabuluhang puna at mga direksyon para sa mas mahusay na pagtuturo ay ibinigay sa mga guro.

Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral Bago

Gamitin ang Semantic Map

Ang talahanayan 1 ay nagpapakita ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 7 sa Filipino bago gamitin ang *Semantic Map*. Ipinakikita ng kabuuang pagganap na ang karamihan ng mga mag-aaral ay hindi nakamit ang inaasahan na may kabuuang mean na 20.313 at standard deviation na 3.542.

Nangangahulugan ito na karamihan sa mga mag-aaral sa Baitang 7 ay may mababang kasanayan sa bokabularyo. Ang mga mag-aaral ay hindi nakakuha ng matataas na marka sa panahon ng *pre-test* dahil sa iba't ibang salik. Sila ay nalilito o hindi maintindihan ang salita dahil ang kanilang pag-unawa sa konsepto o kahulugan nito ay hindi malinaw o naninibago sila sa mga salitang kanilang nabasa sa pagtataya.

Ang pagbabasa ay isang pangunahing paraan ng pagkuha ng impormasyon at mahalagang sangkap sa pag-unlad ng sarili at pagtatamo ng kaalaman. Ito ay isang mahalagang kasanayan at dinamikong aktibidad na nangangailangan ng makabuluhang pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mambabasa at ng manunulat. Sa proseso ng pagbasa, kasama ang kakayahang maunawaan ang visual na impormasyon at iugnay ito sa mga tunog at hugis upang makabuo ng kahulugan (Sabag, 2023).

Ang kasanayan sa bokabularyo ng mga mag-aaral sa matataas na baitang ay madalas na nakakadismaya, lalo na sa asignaturang Filipino (Ratonel, 2019). Ito ay madalas na lumilitaw kapag ipinapakilala ang isang maikling kuwento sa klase, kung saan ang mga hindi pamilyar na salita ay humahadlang sa proseso ng pagbasa. Ang ganitong sitwasyon ay nakakaapekto sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa kanilang binabasa, lalo na kung hindi binibigyang-pansin ang mga salitang ito. Ang kaalaman sa bokabularyo ay may direktang epekto sa antas ng interes ng mga mag-aaral sa pagbabasa. Kung hindi nila nauunawaan ang mga salita sa kanilang binabasa, maaaring mawalan sila ng interes (Ferrer, 2019). Ang pag-unawa sa mga bagong salita ay isang pangunahing kasanayan sa pag-aaral ng wika, dahil ito ay nagpapahintulot sa mga mag-aaral na ipahayag ang kanilang sarili nang tumpak at mabisa (Georgiou, 2023). Subalit, ang kawalan ng kakayahang maunawaan ang mga bagong salita ay maaaring magdulot ng hindi magandang pagganap sa mga pagtatasa sa pag-aaral.

Samakatuwid, napakahalaga para sa mga guro na gumamit ng mga epektibong estratehiya upang itaguyod ang pagkuha at pag-unawa ng bagong bokabularyo nang mahusay. Upang matulungan ang mga mag-aaral na matuto ng mga bagong salita, maaaring gumamit ang mga guro ng iba't ibang taktika. Isa sa mga ito ay ang paggamit ng kontekstwal at biswal na tulong, tulad ng mga larawan, ilustrasyon, o mga salaysay na nauugnay sa mga bagong salita. Ang mga kagamitang ito ay tumutulong sa mga mag-aaral na magbuo ng mga koneksyon sa pagitan ng mga bagong salita at ng mga ideyang naitatag na, na nagpapadali sa pag-alala ng bagong impormasyon.

Talahanayan 1

Akademikong Pagganap ng mga Mag-Aaral sa Baitang 7 sa Filipino Bago ang Paggamit ng Semantic Map

Performance	Frequency	Percentage	M	SD
Fairly Satisfactory	1	3.03	30.00	-
Did Not Meet Expectation	32	96.97	20.313	3.542
Overall Performance	33	100	20.61	3.87

Note: Scale: 42-50 (Outstanding); 38-41 (Very Satisfactory); 34-37 (Satisfactory); 30-33 (Fairly Satisfactory); 1-29 (Did Not Meet Expectations)

Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral Pagkatapos Gamitin ang Semantic Map

Sa talahanayan 2 ay naglalarawan ng pagganap ng mga mag-aaral sa baiting 8 pagkataps ng paggamit ng Semantic Map. Ang talahanayan ay naglalahad ng mga antas ng retensyon, poryento, mga mean (M), at mga standard deviations (SD) ng pagganap ng mga mag-aaral.

Ipinapakita sa talahanayan 2 ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral pagkatapos gamitin ang Semantic Map. Makikita sa kabuuang datos sa ibaba ang mean score na 35.45 at may standard deviation na 6.01. Ang interpretasyon ng datos na ito ay ang pagganap ng mga mag-aaral sa post-test ay itinuturing na may antas ng kasanayan na 100%.

Ibig sabihin nito, lahat ng mga mag-aaral ay nakapagpabuti at nakapagpalawak ng kanilang kasanayan sa bokabularyo. Ang kanilang kakayahan na magbigay ng mga salitang maiuugnay sa isang ibinigay na salita ay napahusay. Ipinapakita ng mga resulta na ang interbensyon gamit ang *semantic map* ay may positibong epekto sa pagpapahusay ng bokabularyo ng mga mag-aaral, na humahantong sa makabuluhang pagpapalawak ng kanilang bokabularyo.

Ang akademikong pagganap ay isang kritikal na aspeto ng pag-aaral na nag-aambag sa pagpapalawak ng kaalaman at kasanayan. Bukod dito, ang pagsubaybay sa akademikong pagganap ay tumutulong upang mapanatili ang integridad at kahusayan sa larangan ng edukasyon (Alhassan, 2020). Sa pagpapabuti ng akademikong pagganap at pag-unlad ng kasanayan sa bokabularyo ng mga mag-aaral, ang paggamit ng *semantic map* ay nagbigay-daan

upang mapahusay at mapaunlad ang kanilang bokabularyo. Ito ay hindi lamang nakakatulong sa mga mag-aaral na palawakin ang kanilang bokabularyo, kundi pinapabuti rin ang kanilang pagbaybay at pagkilala sa mga salita. Angkop rin ang mga salitang kanilang magagamit sa pagpapahayag ng saloobin at sa pagbuo ng mga kasanayan sa kritikal na pag-iisip. Ang pamamaraan na ito ay isang mahusay na paraan upang hikayatin ang mga mag-aaral sa isang masaya at mapaghamong paraan, na naghihikayat ng aktibong pakikilahok at mabuting kompetisyon, na sa huli ay nagpapabuti ng kanilang akademikong pagganap (Ro, 2023).

Talahanayan 2

*Akademikong Pagganap ng mga Mag-Aaral sa Baitang 7 sa Filipino
Pagkatapos ang Paggamit ng Semantic Map*

Performance	Frequency	Percentage	M	SD
Outstanding (O)	5	15.15	43.400	1.342
Very Satisfactory (VS)	10	30.30	39.300	1.252
Satisfactory (S)	5	15.15	36.200	0.837
Fairly Satisfactory (FS)	7	21.21	32.000	1.000
Did Not Meet Expectation (DME)	6	18.18	25.833	1.941
Overall Performance	33	100	35.45	6.01

Note: Scale: 42-50 (Outstanding); 38-41 (Very Satisfactory); 34-37 (Satisfactory); 30-33 (Fairly Satisfactory); 1-29 (Did Not Meet Expectations)

Makabuluhang Pagkakaiba sa Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral Bago at Pagkatapos Gamitin ang Semantic Map

Batay sa talahanayan 3 ay nagpapakita ng makabuluhang pagkakaiba sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamitin ang Semantic Map. Ang mean na pagganap bago gamitin ang Semantic Map ay 20.61 (SD = 3.87), habang ang mean na pagganap pagkatapos gamitin ang Semantic Map ay 35.45 (SD = 6.01). Ang t-value na 26.72 na may p-value na 0.000 ay nagpapakita ng mataas na makabuluhang pagkakaiba, na nagresulta sa pagtanggig sa null hypothesis (H_0).

Ang mga estratehiya sa pagtuturo ng bokabularyo ay mahalaga upang matulungan ang mga mag-aaral na maunawaan at matandaan ang mga salitang kanilang natutunan sa pag-aaral ng wika. Ang bokabularyo ay isa sa pinakamahalagang aspeto sa pag-aaral ng wika at pag-unlad ng komunikasyon (Remo, 2022). Lahat ng iba pang kasanayan gaya ng pagbasa, pagsulat, pagsasalita, at pakikinig ay nakabatay sa bokabularyo. Ang mga mag-aaral na may malawak na bokabularyo ay may mas malaking saklaw ng mga konsepto at salita na maaari nilang gamitin sa iba't ibang paraan (Geden, 2021). Sa kabilang banda, ang kakulangan sa tamang bokabularyo ay nagiging hadlang sa ganap na pag-unawa ng mga konsepto. Ang limitadong kaalaman sa bokabularyo ay nagpapahirap sa pag-unawa at produksyon ng wika (Akyol, 2019).

Nagiging mas epektibo ang pagkatuto at pag-unlad ng bokabularyo ng mga mag-aaral kapag gumagamit ng mga makabagong paraan sa pagtuturo tulad ng mga laro. Ang epekto ng mga laro, lalo na sa panahon ng teknolohikal na rebolusyon, ay hindi mapapantayan (Bondaug, 2021). Kaya't mahalaga ang paglikha ng mga materyales na nakabatay sa laro upang mapabuti at mapaunlad ang bokabularyo at akademikong pagganap ng mga mag-aaral (Hashemi, 2021). Ang pagganyak sa pamamagitan ng mga kagamitang panturo ay isang susi sa matagumpay na pagganap sa akademiko ng mga mag-aaral (Partovi, 2019).

Sa ganitong paraan, ang pagkatutong nakabatay sa laro ay tunay na nakakatulong sa pag-unlad at pagpapalawak ng bokabularyo ng mga mag-aaral. Ang ganitong paraan ng pagkatuto ay nagpapanatili ng kanilang interes at nagbibigay-daan para sa aktibong pakikilahok sa mga nakakatuwang gawain. Nagkakaroon ang mga mag-aaral ng pagkakataong makibahagi, makipag-ugnayan, magsiyasat, at subukan ang iba't ibang bagay sa kanilang kapaligiran. Mahalaga para sa mga mag-aaral na magkaroon ng malawak na bokabularyo dahil nakakatulong ito sa malinaw at epektibong pagpapahayag ng mga ideya, emosyon, at opinyon. Pinapabuti rin nito ang kanilang kakayahang makipagtalastasan sa mga tao mula sa iba't ibang lugar at kultura, dahil sa tamang paggamit ng mga salita sa konteksto. Bukod dito, nakakatulong din ito sa pagtugon sa mga pangangailangan ng mga trabahong nangangailangan ng mataas na antas ng pagsasalita, tulad ng mga abogado, guro, at manunulat. Sa kabuuan, ang

malawak na bokabularyo ay hindi lamang nagpapalawak ng kaalaman ng mga mag-aaral, kundi nakakatulong din sa pagpapabuti ng kanilang akademikong pagganap.

Talahanayan 3

Makabuluhang Pagkakaiba sa Akademikong Pagganap ng mga Mag-Aaral Bago at Pagkatapos Gamitin ang Semantic Map

Variables	M	SD	t-value	p-value	Decision
Bago ang Paggamit ng Semantic Map	20.61	3.87	26.72	0.000	Reject Ho
Pagkatapos ang Paggamit ng Semantic Map	35.45	6.01			

Ho: Walang makabuluhang pagkakaiba sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamitin ang semantic map.

*Note: Probability Value Scale: ** $p < 0.01$ (Highly Significant); * $p < 0.05$ (Significant); * $p > 0.05$ (Significant); $p > 0.05$ (Not Significant)*

Mga Pangunahing Pagpapaunlad na Naganap Matapos Gamitin ang Interbensiyon na Semantic Map

Aktibong pakikilahok sa klase

Napansin ng guro ang malaking pagbabago sa aktibidad ng mga mag-aaral sa mga talakayan matapos ipatupad ang interbensiyon sa pagpapalawak ng bokabularyo. Sa simula, kakaunti lamang ang sumasali dahil limitado ang kanilang kaalaman sa mga salitang kaugnay sa paksa. Subalit sa paggamit ng semantic map, naging masigla ang pakikilahok ng mga mag-aaral at madali silang nakakasulat ng mga salitang may kaugnayan sa itinakdang paksa. Makikita na maraming mag-aaral ang nagtataas ng kamay upang magbahagi ng mga salita. Ipinapakita nito ang kanilang interes na mapaunlad at palawakin ang kanilang bokabularyo sa Filipino. Sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok at paggamit ng semantic map, nagkaroon sila ng kakayahang maunawaan at gamitin ang mga salitang ito nang wasto. Ayon ito sa mga sinabi nina Kalahok 5, 17, at 23.

"Ang semantic map ay isang mahusay na interbensiyon dahil nagawa nitong gawing mas masaya ang aralin, kaya halos lahat kami ay nais sumagot." (P5)

"Hindi naging boring ang klase nang gamitin ng guro ang semantic map sapagkat naganahan kaming sumagot at natuto rin kami ng mga bagong salita." (P17)

"Dahil sa interbensiyon na semantic map, nakita ko na lahat kami ay naging interesado at nag-uunahan sa pagsusulat ng mga salitang naiisip namin." (P23)

Ang *semantic mapping* ay isang makapangyarihang kasangkapan na tumutulong sa pag-aayos at pag-unawa ng kaalaman (Joseph D. Novak). Sa pamamagitan ng biswal na pagpapakita ng mga ugnayan sa pagitan ng mga konsepto, nakakatulong ito sa mga mag-aaral na maunawaan ang mga koneksyon at mapalalim ang kanilang pag-unawa." Ang pahayag na ito ay nagpapakita kung paano ang semantic map ay maaaring magamit upang mapahusay ang pagkatuto ng mga estudyante sa pamamagitan ng pag-organisa ng impormasyon at pagpapakita ng mga koneksyon sa pagitan ng mga konsepto. Ang paggawa ng semantic map ay isang interaktibong proseso na hinihikayat ang aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng pagdagdag ng mga salita at konsepto, mas nagiging aktibo sila sa talakayan.

Pagpapahayag ng Sariling Opinyon

Ang kakayahan sa tamang paggamit ng malawak na bokabularyo ay nagbibigay daan sa mga mag-aaral na maging mas malikhain at malaya sa pagpapahayag ng kanilang sariling opinyon. Sa pagkakaroon ng sapat na kaalaman sa iba't ibang salita at pagsasalita, mas handa silang ipahayag at depensahan ang kanilang mga pananaw at opinyon. Ang kabuuang pahayag ng mga mag-aaral ay sumasalamin sa mga sumusunod:

"Ang semantic map ay nagpapakita sa amin ng kahalagahan ng pagiging maayos at organisado sa pag-aaral, na nagreresulta sa mas mahusay na pagtanggap at paggawa ng mga gawain". (P11).

"Dahil sa semantic map, naging mas magaling kami sa pagbibigay ng mga halimbawa at pagkukwento, kaya't mas mahusay na rin kami sa pagpapaliwanag ng mga salita". (P19)

"Ang semantic map ay nakatutulong sa pagpapalawak ng aming bokabularyo at pag-unawa sa mga bagong salita o konsepto na aming natutunan". (P25)

“Natutunan namin kung paano ayusin ang aming mga isipan sa pamamagitan ng pagkokonekta sa semantic map. Kaya ngayon, mas maayos na namin nauunawaan ang mga bagay”. (P31)

Ang kakayahan sa paggamit ng malawak na bokabularyo at ang tamang pagpapahayag ng mga salita ay nagbibigay daan sa mga mag-aaral na maging mas malikhain at malaya sa pagpapahayag ng kanilang sariling opinyon (Roxas, 2019). Sa pamamagitan ng sapat na kaalaman sa mga salita at iba't ibang estratehiya sa pagsasalita, sila ay handang ipahayag at depensahan ang kanilang mga pananaw at opinyon. Bukod dito, ang pag-unawa sa tamang paggamit ng mga salita sa iba't ibang uri ng teksto ay nagbibigay sa kanila ng kakayahan na maipahayag ang kanilang opinyon sa isang maayos at lohikal na paraan. Sa pamamagitan ng pagkakaroon ng kaalaman sa kasanayan ng pagsusulat tulad ng pagbuo ng mga argumento, pagbibigay ng mga suportang ebidensya, at paggamit ng mga tamang pangungusap, mas nagiging malinaw at makatotohanan ang kanilang pahayag (De Leon, 2019).

Ang pagpapahayag ng sariling opinyon ay isang mahalagang kasanayan na nagpapalawak ng pag-iisip at pagkaunawa ng mga mag-aaral. Ito ay nagbibigay sa kanila ng pagkakataon na maging aktibo at makilahok sa mga diskusyon, proyekto, at iba't ibang aktibidad na naglalayong palawakin ang kanilang pang-unawa sa mundo at lipunan (Parba, 2021). Kaya't sa pamamagitan ng pagpapahayag ng kanilang opinyon, sila ay nagiging aktibong bahagi ng lipunan at may boses na maaaring makaimpluwensiya sa iba.

Pagkatuto ng mga bagong salita

Ang mga mag-aaral ay nagpapakita na kanilang naihayag ang kanilang kakayahan sa pagkatuto ng mga bagong salita sa pamamagitan ng interbensiyon ng semantic map. Sa proseso ng pagbuo ng mga konsepto mapa, kanilang natatamo ang mas malawak na kaalaman sa iba't ibang mga salita at ang kanilang mga kahulugan, na nagreresulta sa paglawak ng kanilang bokabularyo. Bukod dito, ang kanilang aktibong paggamit ng mga bagong salita sa mga talakayan at presentasyon ay nagpapakita ng pag-unlad ng kanilang kumpiyansa sa paggamit ng wika. Sa ganitong paraan, ang kanilang interes sa pagbabasa ng iba't ibang uri ng babasahin ay nagbibigay sa kanila ng pagkakataon na mas marami pang matutunan at mauunawaan na mga bagong salita. Ito ang mga naibahagi ng mga kalahok para sa pagsisiyasat na ito.

“Dahil sa semantic map, mas nagiging malawak ang aming bokabularyo. Madalas naming nakakakita ng mga bagong salita at kahulugan sa mga ginagawang konsepto mapa”. (3)

“Napansin namin na mas may tiwala na kami sa aming sarili na gamitin ang mga bagong salita na natutunan namin mula sa semantic map sa aming mga talakayan at presentasyon sa klase”. (15)

“Sa pamamagitan ng semantic map, mas nahihimok kami na magbasa ng iba't ibang uri ng babasahin, na nagreresulta sa mas marami pang mga bagong salitang natutunan at naiintindihan naming”. (33)

Ang paggamit ng semantic maps ay nakakatulong sa pagpapalakas ng kumpiyansa ng mga mag-aaral sa paggamit ng bagong bokabularyo. Ang pag-aaral na ito ay nagpapakita na ang mga mag-aaral na gumagamit ng semantic maps sa kanilang mga talakayan at presentasyon ay nagkakaroon ng mas mataas na kumpiyansa sa paggamit ng wika (Garcia, 2021). Ang kahalagahan ng semantic mapping sa pagpapalawak ng bokabularyo ng mga mag-aaral. Natuklasan na ang paggamit ng semantic map ay nagbibigay ng mas malawak na kaalaman sa mga salita at kahulugan, na nagreresulta sa paglawak ng bokabularyo ng mga mag-aaral (Cruz, 2021).

Ang semantic mapping ay nagpapalawak ng bokabularyo ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagbibigay ng dagdag na motibasyon sa kanilang interes sa pagbabasa ng iba't ibang uri ng babasahin. Natuklasan na ang interes sa pagbabasa ay nagreresulta sa mas maraming pagkakataon na mas mapalawak ang kaalaman at pag-unawa sa mga bagong salita (Reyes, 2020). Ang regular na paggamit ng semantic map ay nagdudulot ng mas malalim na pag-unawa sa mga salita at nagbibigay ng kumpiyansa sa mga mag-aaral sa kanilang kasanayan sa wika (Santos, 2022).

Hypothesis:

Ang mga resulta ay nagpapakita na may malaking pagkakaiba sa pagitan ng mga marka ng *pretest* at *post-test* ng mga mag-aaral matapos gamitin ang interbensiyon na *Semantic Map*.

VI. Buod, Mga Natuklasan, Konklusyon, at Rekomendasyon

Buod

Ang pananaliksik na ito ay isinagawa upang suriin ang epekto ng paggamit ng Semantic Map sa pagpapalawak ng bokabularyo ng mga mag-aaral sa Filipino. Nilalayon ng pag-aaral na ito na tuklasin ang potensyal ng Semantic Map bilang isang mabisang interbensiyon para sa pag-unlad ng bokabularyo at pag-unawa ng mga mag-aaral.

Sa isang pampublikong paaralan, partikular sa ika-pitong baitang, natukoy na ang limitadong bokabularyo sa Filipino ay isang pangunahing isyu na nangangailangan ng agarang solusyon. Dahil dito, napagpasyahan ng mga mananaliksik na magsagawa ng isang pag-aaral na nakatuon sa bokabularyo ng mga mag-aaral sa Filipino. Ang layunin ng kasalukuyang pag-aaral ay bumuo at palawakin ang bokabularyo ng mga mag-aaral at tukuyin kung ang paggamit ng “semantic map” bilang interbensiyon ay makatutulong nang malaki sa pagpapabuti at pagpapalawak ng kanilang bokabularyo sa Filipino.

Mga Natuklasan

Ang mga sumusunod ay ang mga mahahalagang resulta sa pananaliksik:

1. Mababa ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa pagtatasa bago gamitin ang *Semantic Map* na interbensiyon.
2. Ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral ay nakakuha ng kabuuang puntos na napapabilang sa *Very Satisfactory (VS)* pagkatapos gamitin ang *Semantic Map* na interbensiyon.
3. Mayroong malaki at makabuluhang pagkakaiba sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamitin ang *Semantic Map* na interbensiyon.
4. Mayroong pagpapabuti at kaunlaran na nakita matapos gamitin ang *Semantic Map* na interbensiyon.

Kongklusyon

Sa pangkalahatan, ang pag-aaral na ito ay nagpapakita na ang paggamit ng *Semantic Map* ay isang epektibong pamamaraan upang mapahusay ang bokabularyo ng mga mag-aaral sa Filipino.

1. Ang paunang pagsusuri ng bokabularyo ng mga mag-aaral bago gamitin ang *Semantic Map* ay nagpapakita ng makabuluhang mga hamon, na nagpapahiwatig ng malinaw na pangangailangan para sa mga interbensiyon upang mapabuti ang kanilang bokabularyo sa Filipino.
